ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 15
Agosto 7, 2019
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Wakasan ang lagim ni Duterte sa Negros at buong Pilipinas

Limahid sa dugo ang isla ng Negros. Walang tigil na bumubuga ng laksang punglo si Rodrigo Duterte laban sa mga walang kalaban-labang mamamayan.

Muling naglunsad ang kanyang mga *death squad* sa isla ng sunud-sunod na pagpatay ng karaniwang mamamayan sa nakaraang buwan. HIndi bababa sa 16 ang pinaslang, kabilang ang isang dating meyor, isang halal na konsehal, isang prinsipal ng eskwelahan at iba pang may mga katungkulan sa burukrasyang sibil. Wala ring patid ang pamamaslang sa ordinaryong mga sibilyan. Karamihan sa kanila'y walang basehang pinaratangang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Walang ibang nasa likod sa mga pagpatay na ito kundi ang halimaw na si Duterte. Matindi ang kanyang pag-aalburuto sa pagkapuksa ng kanyang mga armadong tauhan noong Hulyo 18 nang ambusin sila ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa bayan ng Ayungon, Negros Oriental. Dahil dito, inudyukan niya ang kanyang mga alipures na higit pang maghasik ng pasistang lagim at pagbuntunan ng galit ang mga di armadong sibilyan.

Simula sa masaker sa Sagay noong Oktubre 2018, apat na

*"Wakasan...," sundan sa pahina 2*

## AFP at PNP, nagtamo ng 43 kaswalti sa Negros

APAT NA PULIS na nagpanggap na mga empleyado ng Department of Environment and Natural Resources ang tinambangan ng mga Pulang mandirigma sa Sityo Yamot, Barangay Mabato, Ayungon, Negros Oriental noong Hulyo 18. Agad na namatay ang apat sa armadong sagupaan, taliwas sa pinalabas ni Rodrigo Duterte na sila'y tinortyur. Nakumpiska ng BHB ang apat na pistolang 9mm., siyam na magasin at mga bala.

Noong Hunyo 22, pinasabugan ng BHB ng *command-detonated explosive* (CDX) ang tropa ng 704th Regional Mobile Force Battalion sa Sityo Cambugtong, Manjuyod, Negros Oriental. Mahigit 20 ang namatay at dalawa ang nasugatan sa hanay ng kaaway. Bago nito, inisnayp ng hukong bayan ang mga sundalo ng 94th IB sa Sityo Bulo. Nagresulta sa tatlong kaswalti sa hanay ng mga

*"AFP...," sundan sa pahina 3*

*"Wakasan...," mula sa pahina 1*

serye nang konsentradong binigwasan ng karahasan ng rehimeng Duterte ang Negros. Halaw sa estilo ng sabay-sabay na pag-atake at pamamaslang ng mga pulis at sundalo sa mga komunidad sa ilalim ng tinaguriang Oplan Sauron, isinagawa ng armadong mga ahente ng AFP at PNP ang pamamaslang sa masinsin at magkakasunod na paraan. Imbing hangad nito na lambungan ng takot ang mamamayan ng Negros at lumpuhin ang kanilang paglaban sa pasistang rehimen.

Isa ang isla ng Negros sa dumaranas ng pinakamatinding kawalan ng lupa sa buong Pilipinas. Matingkad na makikita rito ang katangiang huwad ng "reporma sa lupa" ng reaksyunaryong estado. Patuloy na naghahari sa Negros ang malalaking asendero na tuluy-tuloy na nagpapakasasa sa libu-libong ektaryang tubuhan. Kasabay nito, pinaglalawayan ng malalaking kumpanya sa mina ang yamang mineral sa isla.

Napakasidhi ng pang-aapi at pagsasamantala sa masang magsasaka at manggagawang bukid sa mga tubuhan sa Negros. Gutom ang araw-araw nilang kinakaharap. Umaalingawngaw ang kanilang sigaw para sa katarungang panlipunan at tunay na reporma sa lupa bilang solusyon sa kanilang pagkalugmok sa kahirapan. Tuluy-tuloy na sumisigla sa Negros ang armadong rebolusyon dahil sa malalim at malawak na suporta ng masang anakpawis na naghahangad wakasan ang dantaong sistemang umaapi sa kanila.

Pinopondohan ng malalaking panginoong maylupa ang mga sundalo at pulis, pati na ang mga paramilitar na "*death squad*" sa Negros. Sa interes ng mga asendero, ginagamit ng rehimeng US-Duterte ang mga armadong tauhang ito para busalan ang masang magsasaka at supilin ang kanilang mga pakikibaka. Sa nagdaang mga buwan, masaker, pamamaslang, pag-aaresto at pagkukulong ang sagot ni Duterte sa mga magsasakang lumalaban sa Negros.

Sa pamamagitan ng Memorandum Order No. 32 na inilabas ni Duterte noong Oktubre 2018, inangkin niya ang karagdagang kapangyarihang ipataw ang paghaharing militar at pulis sa ngalan ng "pagsugpo sa karahasan." Kabilang sa sinakop nito ang Negros na isinailalim sa di deklaradong batas militar. Matapos ang sunud-sunod na pagpatay noong Hulyo, ipinag-utos ang pagdaragdag ng 300 pang armadong tauhan ng Special Action Force sa isla. Lalo nitong pahihigpitin ng armadong pagsikil sa mamamayan sa isla.

Ang lagim na kumukubabaw sa Negros ay siya ring bumabalot sa maraming lugar sa kanayunan sa buong bansa. Pinakamalala ang kalagayan sa mga prubinsya sa Mindanao na mahigit dalawang taon nang nasa ilalim ng batas militar. Dagdag sa Negros, isinailalim din sa di deklaradong batas militar ang Bicol at Samar.

Sa kanayunan at mga liblib na lugar sa buong bansa, ang militar ang nakapangyayari at walang batas na mas mataas kaysa sa pasya nito. Sa ilalim ng National Task Force (NTF) at doktrina nitong "kontra-insurhensya," ang buong burukrasya ng gubyernong Duterte ay nasa ilalim ng tuwiran at di tuwirang kontrol ng militar. Ang lahat ng ahensyang sibil ay ginagamit na sandata para sa digmang panunupil.

Sa buong bansa, walang-awat ang mga pamamaslang at pag-abuso ng militar sa kapangyarihan. Ginagamit ang pasistang karahasan ng estado upang patahimikin ang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa at supilin ang kanilang pagtutol sa pagpasok ng mga dayong kumpanya sa pagmimina, mga plantasyon at mga proyektong pang-imprastruktura sa ilalim ng "Build, Build, Build" ng rehimen. Kakambal ng pasismo ang burukrata-kapitalistang pandarambong ni Duterte at ng kanyang pamilya.

Malupit man at walang pakundangan, maling isiping hindi maga-

*"Wakasan...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo L Blg. 15 | Agosto 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

**instagram.com/progressiveviews**

**@prwc_info**

**cppinformationbureau@gmail.com**

## Nilalaman

**Editoryal:** Wakasan ang lagim ni Duterte sa Negros at buong Pilipinas 1
AFP-PNP, nagtamo ng 43 na kaswalti 1
Pagdanak ng dugo sa Negros 3
Clement: Berdugong anino ni Palparan 4
Aktibistang magsasaka, binaril 5
Pilipinas, pinakadelikadong bansa 5
NLUA, pakanang neoliberal 6
Panakulang batas para sa mga magsasaka 7
Burukrata-kapitalistang pandarambong 8
Huwad na reporma sa Boracay 8
Matagumpay na welga sa Monde 8
SONA ng Bayan laban sa traydor 9
Matagumpay na laban sa Kentex 9
Nasasaid na rekurso sa South China Sea 10
Pagpatay sa hari ng kalsada 11
SOT, binasura ni Duterte 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Wakasan...," mula sa pahina 2

gapi ang halimaw na si Duterte. Ang kanyang kabangisan ay tanda hindi ng lakas, kundi ng kahinaan at kawalang kakayahan niyang mamayani nang walang lumalaban sa kanyang kabuktutan.

Batbat sa krisis ang pundasyon ng kanyang paghahari. Sa likod ng kanyang bangis at astang walang kinatatakutan, labis na nangangamba si Duterte na sama-samang magbangon ang sambayanang Pilipino para sabay-sabay siyang itumba sa kanyang poder at papanagutin sa kanyang mga krimen at korapsyon.

Tuluy-tuloy na nagbabangon ang mamamayan ng Negros at ang buong sambayanang Pilipino. Sigaw nilang wakasan ang malupit na paghahari ni Duterte. Patuloy silang sumusulong sa landas ng paglaban. Dapat mahigpit na magkaisa at ibayong palakasin ang kanilang mga organisasyon bilang sandata para igiit ang kanilang mga karapatan at hinahangad na katarungan. Dapat itaas ang kamulatan ng lahat at patatagin ang determinasyon at tapang na lumaban.

Lubos na pinatatatag ang Partido at ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa. Sila ang nasa gulugod at unahan ng pakikibaka ng buong sambayanan. Pinamumunuan ng Partido ang BHB upang bigwasan si Duterte at basagin ang kanyang pasistang pangil. Hinihikayat ng Partido ang buong sambayanan na makibaka at tapusin ang lahat ng kabuhungan ni Duterte at isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka para itatag ang bagong sistemang panlipunan sa Pilipinas. AB

# Pagdanak ng dugo sa Negros

Noong gabi ng Hulyo 25, pinasok ng armadong kalalakihan ang kubo ng pamilyang Ocampo sa Barangay San Jose, Sta. Catalina, Negros Oriental. Binaril at pinatay nila ang isang taong gulang na si Marjon at ang kanyang ama na si Marlon Ocampo na inaakusahan nilang sumusuporta sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nasugatan dito ang asawa ni Marlon. Saksi sa krimen ang dalawa pang batang Ocampo. Ang mag-amang Ocampo ang pinakahuli sa 87 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa Negros mula nang maupo ang halimaw na si Rodrigo Duterte.

Sa Guihulngan, binaril at pinatay si Atty. Anthony Trinidad noong Hulyo 23. Isa siya sa mga abugadong malisyosong iniugnay ng grupong Kawsa Guihulnganon Batok Komunista sa rebolusyonaryong kilusan. Ang naturang grupo ay pinondohan at pinatatakbo bilang *death squad* ng Philippine National Police. Nasugatan ang asawa ni Trinidad na si Novie Marie at isa pang drayber ng pedikab sa insidente. Noong Hulyo 25, pinatay ang magkapatid na sina Arthur Bayawa, prinsipal ng Guihulngan Science High School at Ardale Bayawa, hepe ng Guihulngan City Division ng Department of Education sa Barangay Hibaiyo. Sa parehong araw, binaril naman ang magsasakang si Romeo Alipan, kapitan ng Barangay Buenavista. Lahat ng mga biktima ay pinalalabas na pinatay ng BHB, kahit pa una na silang binansagan ng AFP na mga tagasuporta o myembro ng BHB.

Binaril naman ang dating meyor ng Ayungon na si Edcel Enardecido at pinsan niyang si Leo Enardecido noong Hulyo 27. Bago nito, naiulat na namatay si Sunny Caldera, kapitan ng Barangay Mabato sa naturang bayan matapos umanong makainom ng pestisidyo noong Hulyo 25. Isa pang magsasaka, si Reden Eleuterio, ang binaril sa Barangay Tampocon II. Ang mga atakeng ito ang duwag na ganti ng rehimeng Duterte sa lehitimong ambus ng mga Pulang mandirigma sa apat na pulis sa Ayungon noong Hulyo 18.

Noong Hulyo 26, pinatay si Federico Sabejon sa Barangay 3, Siaton. Sa Canlaon City, pinaslang naman ang kapitan ng Panubigan na si Ernesto Posadas at konsehal ng syudad na si Ramon Jalandoni. Patay din si Anaciancino Rosalita, tanod ng Barangay Bucalan noong Hulyo 28. Binaril siya ng mga pwersa ng *death squad* ni Duterte sa Oval Public Market sa katabing barangay.

Dalawang magsasaka, sina Wenny Alegre at Felimino Janayan, pangulo ng United Calango Farmers Association sa Zamboanguita, Negros Oriental ang binaril at pinaslang noong Hulyo 24. Nagpanggap ang mga salarin na mga Pulang mandirigma sa tangkang siraan ang rebolusyonaryong kilusan. AB

"AFP...," mula sa pahina 1

sundalo ang operasyon.

Noong Hulyo 2, alas-4:30 ng umaga, binigo ng mga Pulang mandirigma ang tangkang pagsalakay ng 11th IB sa isang yunit ng BHB sa Sityo Small Samac, Barangay Nalundan, sa Bindoy. Lima ang napatay at anim ang nasugatan sa mga sundalo.

**Sorsogon.** Pinasabugan ng BHB-Sorsogon ang mga nag-ooperasyong tropa ng PNP Special Action Force (SAF) sa Barangay Tulatula Sur sa bayan ng Magallanes noong Hulyo 30, alas-3 ng hapon. Sampu ang naitalang patay sa hanay ng SAF.

**Agusan del Norte.** Pinasabugan ng BHB ang mga tropa ng 23rd IB sa Sityo Hinandayan, Barangay Camagong, Nasipit, Agusan del Norte noong Hulyo 12, alas-9:40 ng umaga. Lima ang naitalang napatay sa tropa ng militar habang lima rin ang nasugatan.

**Quezon.** Tatlong magkakasunod na operasyong haras ang inilunsad ng BHB-Quezon laban sa pinagsanib na pwersa ng 80th IB at PNP Regional Mobile Force Battalion sa Sityo Lagmak, Pagsangahan, Gen. Nakar noong Hulyo 28-30. Isa ang patay at dalawa ang nasugatan sa mga sundalo. AB

# Lt. Gen. Noel Clement, berdugong anino ni Palparan

Karugtong ang kamakailang maramihang pagpatay sa Negros ng malagim na Oplan Sauron na naghasik ng teror sa isla mula pa Disyembre 2018. Mula nang ipatupad ito, mahigit 40 sibilyan na ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang. Maliban sa mga pinatay, puu-puo ring mga sibilyan ang iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso.

Ang pagpapatupad ng Oplan Sauron ay pinangungunahan ng Armed Forces of the Philippines Central Command (AFP Centcom) sa ilalim ni Lt. Gen. Noel Clement. Notoryus si Clement bilang isa sa mga nakabababang upisyal na sinanay noon ni Jovito Palparan sa pagsasagawa ng mga krimen ng Oplan Bantay Laya 1 at 2. Saanman noon naghahasik ng lagim si Palparan, nakabuntot sa kanya si Clement bilang matapat na alagad. Tulad ng kanyang idolo, bukambibig ni Clement ang pagbabansag na komunista sa mga tumutuligsa sa reaksyunaryong gubyerno. Matapat niyang ipinatupad ang mga utos ng pamamaslang at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Nakapailalim si Clement sa 204th Brigade nang dukutin at patayin ng naturang yunit-militar ang mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao na sina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy noong 2003 sa Mindoro Oriental. Pinuno noon ng naturang brigada si Palparan.

Nang mailipat si Palparan sa 7th ID sa Central Luzon noong 2005, magkasama sila ni Clement sa paghahasik ng karahasan sa rehiyon. Noong 2006, sa loob lamang ng Enero hanggang Pebrero, 25 katao ang biktima ng pagpatay, pagdukot, pagtortyur, pambubugbog, pananakot, masaker, interogasyon at iligal na detensyon. Namuno na noon si Clement sa 56th IB, ang nangungunang abusadong yunit-militar sa rehiyon. Isa rin siya sa mga nagplano at nagpatupad sa pagdukot sa aktibistang si Jonas Burgos noong 2007.

Malawakang pinsala naman ang ibinunga ng mga operasyong pinamunuan ni Clement sa Mindanao. Bilang kumander ng 602nd Brigade noong 2015 hanggang 2016, nakilala si Clement ng mga residenteng Moro sa North Cotabato sa kanyang panganganyon sa mga komunidad.

Ilang araw lamang matapos ideklara ni Duterte ang batas militar sa Mindanao noong Mayo 2017, itinalaga ng AFP si Clement bilang pinuno ng 10th ID. Saklaw ng operasyon nito ang buong rehiyon ng Davao, at ang mga hangganan nito sa mga prubinsya ng Surigao del Sur, Agusan del Sur at Bukidnon. Nanalasa si Clement at ang kanyang mga tauhan sa lugar. Sa loob lamang ng 19 buwan, umaabot sa 50 sibilyan ang pinatay ng mga tauhan ni Clement, kabilang ang dalawang bata. Libu-libo rin ang sapilitang lumikas dahil sa mga pambobomba at panggagalugad ng mga sundalo sa mga komunidad.

Isa sa karumal-dumal na mga krimen ni Clement bilang kumander ng 10th ID ang pagmasaker sa pitong Lumad noong Disyembre 3, 2017 sa Lake Sebu, South Cotabato. Dalawang iba pa ang sugatan sa naturang insidente. Patung-patong na kaso ang isinampa laban kay Clement, at kina Lt. Col. Harold Cabunoc ng 33rd IB at Lt. Col. Benjamin Leander ng 27th IB. Mga tauhan din ni Clement ang dumukot, nagtortyur at nagtangkang sumilab sa dalawang kabataang minero noong Nobyembre 2017 sa Compostela Valley.

### Pamumuno sa CENTCOM

Inalis si Clement sa 10th ID at inilipat sa Centcom noong Nobyembre 2018. Saklaw ng operasyon ng Centcom ang buong Visayas. Nasa ilalim nito ang dalawang dibisyon ng Army (8th ID sa Eastern Visayas at 3rd ID sa Central at Western Visayas), ang 2nd Tactical Operations Wing ng Air Force, at ang buong pwersang nabal sa Visayas.

Wala pang isang buwan matapos ilipat sa Centcom, agad niyang ipinatupad ang Oplan Sauron sa Negros alinsunod sa Memorandum Order No. 32 ni Rodrigo Duterte. Nakatutok ngayon sa isla ang todo-gera ng Centcom kung saan may limang batalyong pangkombat ang nakapakat, maliban pa sa mga pwersa ng PNP.

Maliban sa pananalasa sa Central Visayas, pagpaslang at paminsala rin sa mga komunidad sa Eastern Visayas ang mando ni Clement. Sa isla ng Samar, tumindi ang mga pagpatay sa mga sibilyan mula Marso 2019. Sa bungad ng taon, 545 barangay ang naiulat na militarisado, kung saan 250 sa mga ito ang okupado ng mga sundalo. Mahigit 300 pamilya na ang napalayas sa kanilang mga tahanan dahil sa pagsakop ng mga sundalo ng 8th ID sa kanilang mga komunidad.

Samantala, tumampok ang saywar ng Centcom sa Western Visayas. Noong Marso, sunud-sunod na nagpakalat ng mga balita ng pekeng engkwentro ang 61st IB sa Panay upang pagtakpan ang mga kaso ng iligal na pag-aresto sa mga magsasaka at katutubong Tumanduk. Liban dito, nagpalabas din ng pekeng pagsurender ng isang menor de edad na umano'y Pulang mandirigma.

Ipinailalim din ni Clement ang mga pwersa ng Centcom upang maging tau-tauhan ng militar ng US. Sa ginanap na Pacific Partnership noong Marso, dinala ng US sa Visayas ang mga papet at kaalyadong hukbo nito upang sanayin sa ilalim ng kumand ng militar ng US ang mga pwersang militar ng mga bansa sa Indo-Pacific. AB

# Aktibistang magsasaka, binaril

Binaril ng mga pwersang panseguridad ng rehimeng Duterte ang mag-asawang kasapi ng organisasyon ng mga magsasaka sa loob ng kanilang tindahan sa Sityo Kasilaan, Barangay Halapitan, San Fernando, Bukidnon noong Agosto 2. Agad na namatay si Guillermo Casas habang nasugatan ang kanyang asawa na si Jocelyn.

Ika-sampung biktima na ng ekstrahudisyal na pamamaslang si Guillermo sa Bukidnon ngayong taon.

Sa parehong araw, binaril at pinatay din si Ernesto Estrella sa Antipas, North Cotabato. Si Estrella ay dating pastor ng United Church of Christ in the Philippines.

Noon namang Hulyo 25, napatay si Misba Masla, 60, nang bombahin ng mga eroplanong pandigma ng AFP ang Sityo Butilin, Kabalasan, Pikit sa North Cotabato. Pinalabas ng 6th IB, sa pamamagitan ng kumander ng AFP-Joint Task Force Central na si Maj. Gen. Diosdado Carreon, na may sumabog na bomba sa loob ng bahay ng mga Masla kung kaya namatay ang biktima. Mismong ang AFP, sa pamamagitan ng kumander ng 603rd IBde na si Brig. Gen. Alfredo Rosario, ang umaming tinamaan ang bahay ng mga Masla nang mambomba ang AFP sa lugar bandang alas-3 ng madaling araw. Dahilan ng AFP, tinutugis umano nila ang isang grupo ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) na ayon sa ulat ng kanilang operasyong paniktik ay nasa lugar.

Inaakusahan ng AFP ang asawa ni Misba na si Ali Masla, 62, na myembro ng BIFF. Sugatan si Ali at ang kanyang apong si Edwin Masla sa pambobomba. Pinasinungalingan ng BIFF na may presensya sila sa lugar sa panahong iyon. Kinundena ni Abu Misri Mama, tagapagsalita ng grupo, ang pamamaslang. Aniya, malaking kasinungalingan ang sinasabi ng AFP na pinuprotektahan nila ang mga sibilyan gayong sila mismo ang nambomba sa bahay ng matatanda.

Noong Agosto 6, binaril naman si Brandon Lee, myembro ng Ifugao Peasant Movement (IPM), sa Lagawe, Ifugao. Nagsusulat din siya para sa Northern Dispatch. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa siya nagkakamalay. Aktibong nilalabanan ng IPM ang pagtatayo ng dambuhalang dam sa Chico River na sasagasa sa kanilang lupang ninuno.

**Panggigipit sa mga aktibista at magsasaka**

Tuluy-tuloy pa rin ang malawakang intimidasyon ng rehimen sa mga aktibista at magsasaka. Sa Quezon, binulabog ng isang yunit ng 2nd IB ang Barangay 1, Lucena City noong Hulyo 30. Naglunsad ng operasyong paniktik ang mga sundalo sa tabing ng pagsasarbey para sa programang 4Ps at paghahanap ng mauupahang bahay.

Dalawang beses naman na nagpatawag ng pulong ang tropa ng 95th IB sa Barangay Sta. Isabel Sur, Isabela noong Agosto 3 kung saan inakusahan nilang tagasuporta ng BHB ang mga myembro ng Dagami, lokal na organisasyong magsasaka. Kusang nagsialisan ang mga residente sa unang pagpupulong at iginiit ang kanilang demokratikong karapatan. Kinontra rin nila ang pagpapasurender sa kanila bilang mga Pulang mandirigma kapalit ng pera.

Sa Cebu, tinangkang takutin ng pulis ang mga kasapi ng lokal na balangay ng Kabataan Partylist noong Hulyo 27. Sa Bukidnon, tinangka ring takutin at "ipasurender" ng 1st Special Forces Battalion si Kristin Lim, dating namamahala sa Radyo Lumad, sa Dumilag, Manolo Fortich noong Agosto 3.

Samantala, dalawang kasapi ng KASAMA-TK ang inaresto ng 76th IB noong Hulyo 27 sa Sablayan-Sta. Cruz, Occidental Mindoro. Kinilala ang mga biktima na sina Nadeline Fabon at Reynaldo Malaborbor na noo'y tumutulong sa mga magsasaka sa lugar na labis na naapektuhan ng tagtuyot. AB

## Pilipinas, pinakadelikadong bansa

NALAGAY SA PANDAIGDIGANG pansin ang Pilipinas nitong nagdaang mga buwan matapos mailista bilang pinakadelikadong bansa para sa mga aktibistang pangkalikasan at pang-apat para sa mga sibilyan.


Sa ulat na inilabas noong Hulyo 30 ng Global Witness, isang independyenteng grupong nakabase sa London, inungusan ng Pilipinas ang Brazil bilang numero unong bansa sa dami ng pinaslang na mga aktibistang pangkalikasan. Alinsunod sa ulat ng grupo, mayroong 30 tagapagtanggol ng lupa at kalikasan ang pinatay noong 2018 (48 noong 2017), pinakamataas na naitala sa Asia. Sangkatlo ng mga biktima ay mula sa Mindanao kung saan planong magtayo ni Duterte ng mga plantasyon na sasaklaw ng 1.6 milyong ektaryang lupain. Kalakhan sa mga ito ay lupang ninuno ng mga Lumad. Kalahati sa mga naiulat na kaso ng pamamaslang ay may kaugnayan sa agribisnes.

Noong Hunyo, inilista rin ng Armed Conflict Location and Event Project (Acled), isang grupong nakabase sa United States, ang Pilipinas bilang pang-apat na pinakapeligroso para sa mga sibilyan. Sangkatlo sa mga biktima ay pinaslang sa tabing ng "gera kontra-droga" ni Duterte. Target din ng pamamaslang ang mga karibal sa pulitika, mga kasapi ng mga partidong pampulitika at progresibong mga organisasyon, mga aktibista, magsasaka, abugado at huwes. Ayon sa pananaliksik ng grupo, nagresulta ang mga patakaran ng rehimen sa direktang mga pang-aatake at pagpaslang sa halos 490 sibilyan ngayong 2019.

Umaabot sa 450 ang direktang pinaslang ng mga pwersa ng estado. Pinakamarami ang pinaslang sa Central Luzon (23%), Calabarzon (22%) at sa National Capital Region (10%).

# National Land Use Act, pakanang neoliberal

Sa ikatlong pagkakataon, muling tinukoy ni Rodrigo Duterte ang National Land Use Act (NLUA o batas sa pambansang paggamit ng lupa) bilang prayoridad na panukala ng kanyang rehimen sa kanyang State of the Nation Address (SONA) noong Hulyo 22.



Iginiit ni Duterte na kinakailangan na itong kagyat na ipasa ng Kongreso bago matapos ang taon para makapaglatag umano ng isang pambansa at komprehensibong plano sa paggamit ng lupa para "matugunan ang demand ng dayuhang mga mamumuhunan."

Pangunahing layunin mg NLUA pabilisin ang proseso ng malawakang kumbersyon ng mga lupang agrikultural at ninuno tungong residensyal, komersyal at industriyal na gamit para kagyat na maibenta sa mga dayuhang mamumuhunan at kanilang kasosyong mga burgesya kumprador. Gagamitin ito para palayasin ang mga magsasaka at katutubo sa mga lupang target na tayuan ng dambuhalang mga imprastruktura sa ilalim ng programang "Build, Build, Build." Pasiuna nang ipinapatupad ito ngayon ng rehimen sa pamamagitan ng serye ng mga kautusang administratibo na inilabas ng Departmetn of Agrarian Reform noong Pebrero.

Sa ilalim ng NLUA, itatatag ang National Land Use Commission (NLUC) na mangangasiwa sa reklasipikasyon at kumbersyon ng mga rekursong lupa sa buong bansa at magbabalangkas ng pambansang plano para rito kada sampung taon alinsunod sa pangangailangan ng mga kapitalista. Ito ang magtatakda kung alin lamang ang mga lupain na maaaring bungkalin at kung alin ang maaaring pagtirikan ng mga imprastruktura at kabahayan.

Ipagbabawal ng NLUC ang pagsasaka sa mga pampublikong lupain na idedeklarang kagubatan, kabilang ang mga lupang hinawan na ng maliliit na magsasaka. Gagawin nitong mas sistematiko ang mga programang gaya ng National Greening Program na nagpapalayas sa maliliit na kaingero sa kanilang mga sakahan para magamit ang mga ito sa malalawak na plantasyon ng komersyal na kahoy.

Matagal nang nakabinbin sa Kongreso ang NLUA. Una itong itinulak ng rehimeng Corazon Aquino kasabay ng iba pang mga neoliberal na repormang dikta ng World Bank. Sa nakaraan, ginawa itong kundisyon kapalit ng bilyun-bilyong pautang. Patuloy itong ipinanukala at tinukoy na susing lehislatibong hakbangin ng magkakasunod na rehimen subalit hindi ito umusad sa loob ng mahigit dalawang dekada.

Nitong nagdaang mga taon, ginamit ng American Chamber of Commerce, kasapakat ng ahensyang USAID, ang The Arangkada Philippines Project para agresibong itulak ang mga rehimeng Aquino at Duterte na ipagpatuloy ang pag-*lobby* ng batas na ito sa Kongreso. Tahasang pangangayupapa ang ipinamalas ng rehimeng Duterte nang ilusot nito sa Kongreso sa ikatlong pagbasa ang panukala bago magsara ang sesyon nito noong Hunyo 3.

Sa darating na mga buwan, nakatakda nang talakayin ang panukala sa Senado sa pangunguna ni Sen. Cynthia Villar, tagapangulo ng komite nito sa kalikasan at likas na mga rekurso. Sa kabila ng pagiging alyado ni Duterte, mariin ang pagtutol niya sa pagsasabatas ng NLUA sapagkat tatanggalin nito ang kapangyarihan ng mga lokal na gubyerno na magreklasipika ng mga lupaing kanilang sinasaklaw at magtakda ng sariling plano sa paggamit ng mga ito. Kapag naisabatas ang NLUA, ipapasa ang mga kapangyarihang ito sa NLUC na direktang nakapailalim sa pambansang gubyerno.

Malinaw na pinakinabangan ng mga Villar ang lumang kaayusan sa pagpapalit-gamit ng lupa lalupa't mas madali para sa kanila na suhulan ang lokal na mga gubyerno para ilusot ang kanilang mga negosyong pabahay.

Sa harap ng bantang muling ibinbin ang panukala, ipinatupad ng rehimen ang Joint Department of Agrarian Reform-Department of Justice Order 75 noong Mayo 31 na mag-iinstitusyonalisa sa programa ni Duterte sa paggamit ng lupa kahit hindi pa naisasabatas ang NLUA.

Ayon sa konserbatibong taya ng rehimen na inilabas nito noong Enero, lumiit nang 25% ang kabuuang erya ng lupang agrikultural sa bansa mula 9.7 milyong ektarya noong 1980 tungong 7.3 milyon noong 2012, pangunahin dahil sa malawakang kumbersyon ng mga ito at laganap na pang-aagaw ng lupa sa buong bansa. AB

# Mga panukalang batas para sa mga magsasaka

Walang awat na itinutulak ng rehimeng Duterte ang pagbubukas ng sektor ng agrikultura, kabilang ang mga lupang agrikultural, sa dayuhang pagmamay-ari at pandarambong. Sa kabila nito, patuloy na isinusulong ng mga progresibong kinatawan sa kongreso ang mga repormang pakikinabangan ng mga magsasaka.

Ang mga repormang ito ay karugtong ng mga pakikibaka na matagal nang isinusulong ng mga organisasyong magsasaka. Laman din ang mga ito ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER na nabuo noong 2016 sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.



Lalong nagiging mahalaga ang mga repormang agraryo sa harap ng lahatang-panig na mga atake sa kanilang sektor—mula sa todo-todong liberalisasyon ng bigas hanggang sa walang awat na pamamaslang sa mga magsasakang nakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupa.

Muling isinumite ng ng mga progresibong partido sa ilalim ng Makabayan ang Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) sa Mababang Kapulungan. Ang GARB ay isang panukalang naglalatag ng komprehensibong balangkas para sa tunay na reporma sa lupa. Layunin nito na buwagin ang monopolyo sa lupa at magpatupad ng libre, patas, at makatarungang pamamahagi ng lupa sa loob ng limang taon. Sasaklawin nito ang lahat ng pribadong lupang agrikultural, lahat ng lupang pinatatakbo ng mga plantasyong agribisnes, mga lupang binubungkal ng mga magsasaka na kinuha ng gubyerno, mga panginoong maylupa o mga dayuhang institusyon at iba pang mga lupang agrikultural na publiko.

Itinutulak din nito ang pagbibigay ng komprehensibong suporta sa mga magsasaka at pagbibigay ng sapat na subsidyo. Hihikayatin ang mga magsasaka na bumuo o pumaloob sa mga kooperatiba para paunlarin ang produksyon. Gayundin, bubuo ito ng mekanismo para hindi muling mawala ang lupa ng mga benipisyarong magsasaka.

Sa ngayon, labis na pinahihirapan ang mga magsasakang naggigiit sa kanilang karapatan sa lupa, kabilang yaong nabigyan na ng mga Certificate of Land Ownership. Marami sa kanila ang hindi nakapagbayad ng mahal na amortisasyon kaya madaling nababawi ang kanilang mga lupa. Kaugnay nito,ipinapanukala rin na iabswelto ang mga magsasaka mula sa kanilang obligasyon na magbayad ng utang na amortisasyon nang sa gayon ay maigawad na sa kanila ang lupang kanilang binubungkal.

Inihapag din ng Makabayan ang panukalang Rice Industry Development. Nakasaad dito na ipagbabawal ang paniningil ng upa sa lupa kung lalampas ang halaga sa 10% abereyds na netong ani ng magsasaka sa kada ektaryang sinasaka sa nakalipas na tatlong taon.

Samantala, nagsumite rin ang ibang kinatawan ng mga panukalang magbibigay ng seguro sa mga benepisyaryo ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program at magpapatayo ng mga proyekto tulad ng mga komunal na irigasyon na pababayaran ang kalahati ng halaga sa mga magsasakang benipisyaryo sa isang takdang panahon.

Itinulak din dito ang pagtatayo ng mga bodega at mga gilingan ng palay sa bawat munisipyo at lungsod na nagpoprodyus ng bigas. Susuportahan din nito ang lahat ng pangangailangan sa transportasyon. Pababayaran ito sa isang takdang halaga sa loob ng 25 taon.

Sa Senado, muling isinumite ni Sen. Ralph Recto ang ilang panukala ng pagpupwesto ng sistema ng "timbangan ng bayan" sa mga sentrong pamilihan para maiwasan ang pagmamanipula sa timbang ng mga produkto. Itinutulak niya rin ang pagtatayo ng mga kalsadang magdudugtong sa mga sakahan at palengke hindi lamang sa mga piling lugar kundi pantay-pantay na pagbabahagi sa buong bansa. AB

# Burukrata-kapitalistang pandarambong ng mga Villar

Ang mag-asawang Manny at Cynthia Villar, kilala bilang lokal na dinastiya ng Las Pinas, kongresista at kasalukuyang senador ng reaksyunaryong gubyerno, ang may-ari ng Vista Land & Lifescapes na notoryus sa pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng libu-libong ektaryang mga sakahan tungong mga subdibisyon (Camella Homes, Lumina Homes) at malalaking *mall* (Starmalls at Vista Malls).

Noong 2008, naimbwelto si Cynthia Villar sa pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka sa Norzagaray, Bulacan. Nasangkot naman si Manny Villar sa pandarambong noong 2010 matapos niyang ipanukala na baguhin ang ruta ng C-5 Extension Project pabor sa lokasyon ng kanyang mga negosyo. Nalantad din na nagtirik sina Villar ng mga subdisyon sa mga sakahang may irigasyon sa Pavia, Iloilo City noong 2010 at sa Plaridel Bulacan noong 2014.

Kilala ang pamilyang Villar bilang tagasuporta ni Duterte. Magkaalyado rin ang partido pulitikal ni Villar na Nacionalista at ang PDP-Laban ni Duterte.

Sa ilalim ni Duterte, lumobo ang yaman ni Manny Villar mula US$1.5 bilyon (o P75.4 bilyon) noong Marso 2017 tungong US$5.5 bilyon (o Php288.3 bilyon) nitong Marso 2019. Mula ika-12, siya na ngayon ang pinakamayamang indibidwal sa buong bansa. Samantala, si Cynthia Villar ay nakapagtala ng P3.7 bilyon at tinaguriang pinakamayamang Senador, habang ang kanilang anak na si Mark Villar, kalihim ng Department of Public Work and Highways, ay nakapagtala naman ng P1.4 bilyon at tinaguriang pinakamayamang upisyal sa gabinete ni Duterte.

Kapansin-pansin ang pakinabang ng pamilyang Villar sa programang pangimprastruktura ng rehimen. Ang kanilang kumpanya ang pinakahuling nagpasa ng aplikasyon para sa pagtatayo ng pasugalan bago ibaba ni Duterte ang moratoryum sa pagtanggap ng aplikasyon para sa pagtatayo ng mga ito noong Enero 2018. Bukod sa itinatayong resort at pasugalan sa 1,000 ektaryang lupain sa Dasmariñas, Cavite, naiulat din na plano nilang magtayo ng parehong imprastruktura sa Las Piñas. AB

# Huwad na repormang agraryo sa Boracay

Taliwas sa ipinagmamayabang ni President Rodrigo Duterte sa kanyang ikaapat na State of the Nation Address, hindi totoong naisakatuparan na ang repormang agraryo sa isla ng Boracay sa Aklan.

Ang totoo, hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin naipapamahagi ang 18 ektaryang lupain na isinailalim sa repormang agraryo sa mga benepisyaryo nito. Ayon kay Department of Agrarian Reform (DAR)-Western Visayas Director Stephen Leonidas, ipamamahagi pa lang ito sa mga katutubong setler na hindi kabilang sa tribung Ati ng Boracay.

Noong Nobyembre 2018, 3.2 ektaryang lupa lamang (wala pa isang porsyento ng 1,032-ektaryang isla) ang kabuuang ipinamahagi sa 44 pamilyang kasapi ng Boracay Ati Tribal Organization.

Ayon sa mga pananaliksik sa antropolohiya, ang Ati ang mga katutubong nanirahan sa Boracay bago pa dumating ang mga Bisayan at mga kolonyalistang Espanyol. Ngunit ito ay pinasisinungalingan ng ibang mga katutubong setler (di-Ati) na naggigiit ng kanilang karapatan sa lupang nakatakdang ipamahagi. AB

## Matagumpay na welga sa Monde

SIYAM NA ORAS matapos ikasa ang kanilang ng welga noong Agosto 6, matagumpay na natulak ng mga manggagawang kontraktwal ng Monde Nissin Labor Association (MNLA–LIGA) ang maneydsment ng Monde Nissin Corp. na makipagnegosasyon hinggil sa kanilang panawagang regularisasyon. Inilunsad ang welga bilang tugon sa terminasyon ng kontrata ng siyam na manggagawa nito noong nakaraang linggo. Mula Hulyo 2018, 111 manggagawa na ang tinanggal ng kumpanya.

Napagkasunduan sa negosasyon na makakabalik na ang tinanggal na mga manggagawa sa pagawaan at nagtakda na rin ng iskedyul para sa susunod na pag-uusap. Itinuring itong isang malaking tagumpay ng mga manggagawa na mayorya ay 13 taon nang nagtatrabaho sa kumpanya bilang mga kontraktwal.

Ang Monde Nissin ay kilala sa mga produkto nitong mga biskwit (SkyFlakes at Fita) at nudels (Lucky Me!). Mula 2000, laging napapabilang ang kumpanya sa 50 pinakamayamang mga korporasyon sa Pilipinas. Ito ay pagmamay-ari ng burges kumprador na si Betty Ang na nakapagtala ng P14.17 bilyong netong halaga ng mga pagmamay-ari noong 2018.

Sa parehong araw, nagwelga rin ang mga manggagawa ng Super 8 sa Pasig City matapos tanggalin sa trabaho ang mahigit 200 manggagawang kontraktwal nito.

MATAGUMPAY NA NAIPABASURA ng mga estudyante ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa Sta. Mesa, Manila ang Dress Code Policy (patakaran sa kasuotan) matapos ang pitong oras na protesta. Magtutuloy-tuloy pa ang mga protesta laban sa paglulusot sa mapanupil na mga probisyon tulad ng *mandatory random drug-testing* at panggigipit sa mga organisasyon, konseho, at publikasyon ng mga mag-aaral.

# SONA ng Bayan laban sa pambansang traydor

Sa ikaapat na State of the Nation Address (SONA) ni Rodrigo Duterte noong Hulyo 22, naiulat na umabot sa 50,000 ang lumahok sa mga rali laban sa kanya sa mga sentrong lunsod sa buong bansa. Kinundena ng mga raliyista ang sukdulang pagtataksil ni Duterte at ipinanawagan ang pagpapatalsik sa kanya dahil sa kanyang pagsuko sa China ng mga karapatan ng mga Pilipino sa West Philippine Sea. Binatikos nila ang kanyang pasismo at pagpapatupad ng kontra-mamamayang mga patakaran na higit pang nagsasadlak sa sambayanan sa kahirapan.

Sa pambansang kabisera, inulat ng mga organisador na may 40,000 ang nagmartsa sa kahabaan ng Commonwealth Avenue sa Quezon City upang ipamukha sa pambansang traydor ng Pilipinas na si Duterte na "atin ang Pinas!" Nanawagan sila na palayasin ang China sa kinakamkam nitong teritoryong dagat ng bansa. Pinangunahan ang protesta ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at nilahukan ng iba't ibang organisasyon bitbit ang kani-kanilang mga sektoral na panawagan.

**Luzon.** Nagprotesta ang mahigit 600 magsasaka, mangingisda at katutubo sa Aurora Park, Laoag City para batikusin ang patuloy na pandarahas ng militar sa kanilang hanay, pagsirit ng presyo ng mga bilihin dulot ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN), at ang kawalan ng subsidyo para sa kanilang sektor. Dumalo naman ang mahigit 200 sa porum na inilunsad ng Tongtongan Ti Umili-Cordillera Peoples Alliance hinggil sa SONA ni Duterte sa Cathedral of the Resurrection, Magsaysay Avenue sa Baguio City.

Mahigit 500 ang nagprotesta sa Peñaranda Park, Legazpi City para kundenahin ang malawakang extrahudisyal na pamamaslang sa rehiyon. Naglunsad din ng pagkilos ang mga aktibista sa Naga, Sorsogon at Masbate para ipinawagan ang pagpapatalsik kay Duterte at batikusin ang kanyang pangangayupapa sa China.

**Visayas.** Lumahok ang mahigit 4,000 aktibista sa magkakahiwalay na protesta sa apat na sentrong urban ng isla ng Panay. Nagprotesta ang mahigit 3,000 sa pampublikong liwasan ng Bacolod City bitbit ang panawagang wakasan na ang arbitraryong pamamaslang at masaker laban sa mamamayan ng Negros. Hindi bababa sa 400 aktibista ang nagprotesta sa Bohol upang kundenahin ang patuloy na panggigipit at pamamaslang sa mga magsasaka at iba pang paglabag sa karapatang-tao. Pinangunahan naman ng Bayan-Central Visayas ang martsa ng mahigit 300 aktibista mula Fuente Osmeña Circle tungong Colon Street sa Cebu City.

**Mindanao.** Nagprotesta ang mga aktibista at Lumad sa Cagayan de Oro at Davao City bitbit ang panawagang wakasan na ang batas militar sa Mindanao. Binatikos din nila ang pagpapasara ng rehimen sa mga eskwelahang Lumad. Naglunsad ang mga residente ng Marawi ng kanilang bersyon ng SONA na tinawag nilang State of Marawi Bakwit (Sombak) sa Mindanao State University.

**Ibayong dagat.** Mahigit 100 ang nagprotesta sa tapat ng Philippine Consulate General sa New York City sa pangunguna ng Malaya Movement. Naglunsad din ng protesta ang mga migranteng Pilipino sa mga sentrong lunsod sa Australia, Canada, France, Hongkong, Italy, Japan, The Netherlands, New Zealand, Saudi Arabia, South Korea at United Kingdom. AB

### Matagumpay na laban sa Kentex at OceanaGold

MATAPOS ANG MAHIGIT apat na taong pakikibaka, nagkamit ng tagumpay ang mga manggagawa ng Kentex noong Hulyo 26. Ito ay matapos maglabas ang Korte Suprema ng kautusan sa Kentex Manufacturing Corp. na bayaran ng P1.44 milyon ang 57 manggagawang nakaligtas sa pagkasunog ng pagawaan nito ng tsinelas noong Mayo 13, 2015. Pitumpu't dalawang manggagawa ang namatay sa naturang sakuna.

Binaligtad ng kautusang ito ang resolusyon ng Court of Appeals na nag-abswelto sa Kentex mula sa nasabing obligasyon nito sa mga manggagawa. Unang inutusan ng Department of Labor and Employment (DOLE)-National Capital Region noong 2015 ang kumpanya na ibayad ang nasabing halaga sa mga manggagawa matapos matuklasan na P202.50 lamang ang kanilang arawang sahod.

Tinawag naman na tagumpay ng mga grupong pangkalikasan ang desisyon ng Regional Trial Court ng Nueva Vizcaya noong Hulyo 27 na nagbasura sa petisyon ng OceanaGold para pigilan ang barikada ng mga residente na nagpatigil sa mga operasyon nito. *(Basahin sa* Ang Bayan, *Hulyo 21, 2019.)*

Ibinaba ang hatol noong bisperas ng *national solidarity mission* (NSM) na inorganisa ng mga aktibistang pangkalikasan sa pangunguna ng Kalikasan People's Network for the Environment. Layon ng NSM na imbestigahan ang nagpapatuloy na operasyon ng kumpanya kahit pa napaso na ang kontrata nito noong Hunyo 20.



# Nasasaid na rekurso sa SCS

Malaking kawalan sa mga mangingisdang Pilipino ang iligal na pangingisda ng mga Chinese sa soberanong teritoryo ng Pilipinas at kalapit nitong mga karagatan. Sa nakaraang anim na dekada, tuluy-tuloy nang lumiit ang bilang ng mga isda sa South China Sea dulot ng deka-dekada nang sobrang pangingisda sa lugar.

Isa ang South China Sea sa limang nangungunang pangisdaan sa buong mundo. Dito nagtatrabaho ang mahigit tatlong milyon katao bilang mangingisda o manggagawa ng malalaking barko. Naglalaan ang karagatan nito ng 3,365 klase ng isda. Taun-taon, tinatayang umaabot sa 16.6 milyong tonelada o 12% ng pandaigdigang suplay ng isda ang nakukuha mula rito. Mayor itong pinagkukunan ng protina ng milyun-milyong mamamayan sa mga bansang nakapalibot dito.

Sa isang pag-aaral noong 2015, sinabing bumagsak na nang hanggang 90% ang dami ng isda sa ilang bahagi ng SCS mula dekada 1960. Ang mga isdang matataas ang halaga, tulad ng tuna at *grouper*, ay kakaunti na. Kinakailangan na ng mga mangingisda na pumalaot nang mas matagal at mas malayo sa karagatan para manghuli. Dahil dito, tuluy-tuloy ang pagbagsak ng huli ng mga mangingisdang Pilipino mula sa karagatan. Mula 2005-2014, bumagsak na ito nang 13.5% at dagdag pang 4.3% noong 2015-2016.

Disbentahe ng mga mangigisdang Pilipino ang kanilang relatibong maliliit na bangka, mataas na gastos sa transportasyon (na mas lumaki pa dulot ng TRAIN) at kawalan ng suporta mula sa gubyerno. Kabaliktaran nito ang malalaking subsidyo ng gubyernong Chinese para sa langis, sahod at gamit sa kanilang mangingisda. Dahil dito, nakakapagpalaot ang kanilang mga barko nang mas malayo at mas matagal. Ang China ang may pinakamaraming bilang ng mga sasakyang pandagat (2,500) na nakatuon sa matagalan at malayuang pangingisda.

Disbentahe rin ng mga Pilipinong mangingisda ang kawalan ng seguridad kahit sa loob ng eksklusibong sonang pang-ekonomya at mga tradisyunal na mga pangisdaan.


**Pagbenta ng rekurso**

Tinataya ng Center for Environmental Concerns at Kalikasan People's Network for the Environment na mahigit P773-bilyong halaga ng mga rekursong mineral, pandagat at mga hayop na soberanong pag-aari ng Pilipinas ang ibinenta ni Duterte sa mga dayuhan sa nakaraang tatlong taon. sa nakaraang tatlong taon.

Mahigit P99 bilyon na ang halaga ng nasirang mga bahura ng China sa West Philippine Sea (WPS) dulot ng patuloy na pagpapatrulya ng mga barkong pandigma ng mga paramilitar na Chinese sa soberanong karagatan ng bansa. Dagdag dito ang aabot sa P150 bilyon na halaga ng *endangered* na mga hayop at halaman na iligal na hinuli o kinuha at ipinuslit palabas ng bansa.

Kapalit ng mabibigat na pautang para sa mga proyektong Kaliwa Dam at Chico River Pump Irrigation, nangako si Duterte na bibigyan ang China ng mga rekursong tubig na nagkakahalaga ng P23 bilyon bilang soberanong garantiya kung sakaling mabigo itong bayaran nang buo ang utang. Sa kabuuan, pinakamalaki ang nawala sa bansa dulot ng malawakang pagmimina ng mga multinasyunal sa bansa. Sa loob ng parehong panahon, mahigit P501.4-bilyong halaga ng mga mineral ang iniluwas ng mga ito. AB

**PALIGSAHANG MILITAR:** Sa buong mundo, nananatiling numero unong kapangyarihang militar ang US sa usapin ng dami ng tropa, base, gamit-militar at armas-nukleyar. Hinahamon ito ngayon ng umuusbong na kapangyarihan ng China, laluna sa South China Sea na parehong pinakikinabangan at sinasaklaw ng kani-kanilang mga pwersang panseguridad. Narito ang kasalukuyan nilang lakas-militar:



# Pagpatay sa hari ng kalsada



Kabilang sa mga winasak ng ikalawang digmaang pandaigdig, ang mayor na linya ng pampublikong transportasyon sa bansa. Bilang pansamantalang solusyon, ilan sa mga Pilipino ang namuhunan sa pagkukumpuni ng sira-sirang mga dyip na ginamit ng mga Amerikanong sundalo.

Ang kauna-unahan at noo'y pinakamalaking nagmamanupaktura ng dyip ang kumpanyang Sarao Motors. Naitatag ito noong 1953 ng negosyanteng si Leonardo Sarao, isang mekaniko at dating drayber ng kalesa. Mula sa inisyal na puhunan na P700 lumago ang kanyang negosyo tungo sa isang kumpanya.

Binago ang disenyo ng mga lumang dyip upang makapagsakay ng mas maraming pasahero. Pinagtagping yero naman ang ginamit bilang bubong nito na pininturahan ng matitingkad na kulay at mga palamuti nito. Ginamit ang simbolong kabayo sa minamanupaktura nitong mga dyip bilang pagpupugay sa unang hari ng kalsada sa bansa, ang kalesa. Ang disenyo ng dyip ay halaw sa kulay at porma ng kalesa. Mula noon, ito ang kinilalang "hari ng kalsada."

Dumami tungong 300 ang kanilang mga manggagawa noong dekada 1960. Umabot sa halos sampu kada araw ang nalilikha nilang dyip hanggang dekada 1970. Tumumal ang produksyon nito pagdating ng 1980, dulot nang labis na pagtaas ng kanilang gastos sa produksyon at papaunting prangkisa na inilalabas ng gubyerno. Bunsod na rin ng pandaigdigang krisis pampinansya, bumagsak ang piso kung kaya't naging triple ang halaga ng segunda manong mga makina at pyesang inaangkat ng kumpanya mula sa Japan.

Upang bigyang daan ang pagpasok ng mga *taxi* na Tamaraw FX, sasakyang gawa ng multinasyunal na kumpanyang Toyota, at pagbubukas ng Light Rail Transit noong 1995, itinigil ng Land Transportation Office (LTO) ang paglalabas ng prangkisa sa mga linya ng jeep. Dagdag pang pahirap sa industriya ng transportasyon ang samutsaring mga patakarang ipinatupad ng gubyerno sa pagkuha ng rehistro. Sa panahon ding ito ipinasa ni Leonardo Sarao ang pamamahala ng kumpanya sa kanyang anak na si Edgardo.

Sa harap ng patuloy na pagtumal ng negosyo, napilitan si Edgardo na pansamantalang itigil ang produksyon ng kumpanya at tanggalin sa trabaho ang mahigit 250 manggagawa nito noong Oktubre 2000. Ilang linggo matapos nito, muling binuksan ang produksyon ng kumpanya bagamat nalimita na lamang sa 50 katao ang mga manggagawa. Sa panahong ito, dalawa hanggang tatlong dyip kada linggo na lamang ang kanilang nalilikha.

Sa gitna ng mga pakana ng rehimeng Duterte na tuluyan nang ipagbawal ang paggamit ng mga lumang dyip sa pamamasada sa tabing ng programang "modernisasyon," natulak ang Sarao Motors na makisosyo sa Le' Guider International (isang kumpanyang pagmamay-ari ng negosyanteng si Youssef Ahmad), para sa produksyon ng mga *electronic jeepney* (*e-jeepney* o mga dyip na pinatatakbo ng kuryente). Imbis na makina, pinatatakbo ang mga dyip na ito ng isang *permanent magnetic motor* na gawa sa *neodymium magnet*, isang mineral na dominado ng China ang pagmimina at produksyon. Noong nakaraang taon, naiulat na halos 80% ng pandaigdigang produksyon nito ay mula sa China.

Bawat yunit ng *e-jeepney* ay nagkakahalaga sa abereyds ng P1.4 milyon, malayong mas mahal sa presyo ng tradisyunal na dyip na P400,000. Tiyak na magreresulta ang huwad na pakanang modernisasyon sa pagkalugi at pagkabaon sa utang ng mga drayber at opereytor at sa pagtaas ng pamasahe. AB

### SOT, binasura ni Duterte

SAGAD-SAGARANG pagkiling sa mga kapitalista ang ipinamalas ni Duterte nang tuluyan niyang ibinasura ang panukalang Security of Tenure (SOT). Malinaw na inamin niya ito sa kanyang talumpati sa bayan ng Itbayat, Batanes noong Hulyo 30 kung saan tahasan niyang sinabi na kulang ang proteksyong ibinibigay ng panukalang "anti-endo" sa mga negosyante. Dahil dito, muling nagsampa sa Kongreso ang mga progresibong mambabatas ng isang panukalang mas malinaw na kontra-endo at makamanggagawa.